# Mga Kontribyutor

Si **William S. Augusto Jr.** ay nagtapos ng Masters of Arts in Education sa Pagtuturo ng Filipino sa Cebu Technological University. Kasalukuyan siyang kumukuha ng kaniyang Doktorado ng Edukasyon sa pagtuturo ng Filipino sa Cebu Normal University. Sa parehong unibersidad din siya kasalukuyang nagtuturo.

Si **Marie Kristel B. Corpin** ay nagtapos sa Pamantasang Normal ng Pilipinas-Maynila bílang magna cum laude at nagkamit ng pinakamataas na karangalang akademiko sa kursong Batsilyer sa Edukasyong Filipino na may Sertipiko sa Pagtuturo ng Senior High School noong 2018. Naging aktibong kasapi at bahagi ng pamunuan ng Kapisanang Diwa at Panitik (KADIPAN), at demo-teacher sa BINHI 2017, pambansang seminar ng mga nagpapakadalubhasa sa Filipino.

Si **Michael C. Delos Santos** ay Associate Professor sa Central Luzon State University (CLSU). Nagtuturo sa antas sekundarya sa nasabing unibersidad sa ilalim ng University Science High School - Kolehiyo ng Edukasyon. Kaniyang itinuturo ang mga asignaturang Filipino, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Physical Education. Bílang guro, nagsisilbi rin siyang tagarebyu sa asignaturang Filipino para sa mga kumukuha ng Board Licensure Examination for Professional Teachers (BLEPT) - —dating LET, sa Kolehiyo ng Edukasyon sa CLSU. Naging tagasanay rin siya sa Filipino sa Rehiyon III noong ilunsad ang programang K to 12 mula baitang 7 hanggang 10. Nagbibigay siya ng iba't ibang panayam sa mga seminar at iba pang kaugnay na pagsasanay na malapit sa kaniyang linya ng kaalaman. Nagsusulat ng aklat tungkol sa araling Filipino at gumagawa ng mga pag-aaral tungkol sa lokal na kultura ng Nueva Ecija. Nagtapos ng kursong Bachelor of Secondary Education (BSEd), Medyor sa Filipino at minor ng Guidance and Counselling sa CLSU noong 2003 at natapos niya ang kaniyang Master sa Sining ng Edukasyon (MAEd) – Filipino sa Wesleyan University – Philippines (WU-P). Taóng 2016 nang muli niyang ipinagpatuloy ang pag-aaral sa antas gradwado. Sa kasalukuyan ay nasa ikatlong taon na siya ng kaniyang Doktor sa Pilosopiya sa Araling Filipino (Wika, Kultura, at Midya) – sa Pamantasang De La Salle-Manila, sa pamamagitan ng iskolarsyip ng CLSU Faculty Development Program.

Si **Feorillo A. Demeterio III** ay Full Professor sa Departamento ng Filipino at direktor ng University Research Coordination Office sa Pamantasang De La Salle-Manila. Siya ay may-akda ng apat na libro at higit 70 artikulo tungkol sa hermenyutika, araling kultural, araling Filipino, pilosopiyang Pilipino, at ilang maikling kwentong nalathala sa iba't ibang lokal at internasyonal na journal. Nanungkulan siya bílang visiting research professor sa Council for Research in Values and Philosophy, Catholic University of America, Washington, D.C., noong 2013. Noong 2014, Si Dr. Demeterio ay kinilála bílang outstanding alumnus sa larangan ng pilosopiya ng Graduate School, Pamantasang Santo Tomas.

Si **Joshua Felicilda** ay lecturer ng Filipino sa Far Eastern University, Manila. Nagtapos siya ng kaniyang Masteral sa Sining sa Araling Filipino sa

Copyright © 2019 by De La Salle University

Pamantasang De La Salle. Matagumpay niyang natapos ang kaniyang tesis na pinamagatang "Ang Politikal na Ideolohiya sa mga Nobela ni F. Sionil Jose" na may parangal na Outstanding Thesis. Natapos niya ang kursong Pilosopiya, cum laude, sa University of Santo Tomas. Kasalukuyan siyang kumukuha ng kaniyang Doktorado sa Araling Filipino sa Pamantasang De La Salle-Manila.

Si **Roberto E. Javier Jr.** ay Full Professor at Chair ng Departamento ng Sikolohiya sa De La Salle University-Manila. Siya ay Rehistradong Sikolohista (RPsy), miyembro ng Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino at ng Psychological Association of the Philippines. Nagtapos siya ng PhD in Clinical Psychology, magna cum laude. Ang kaniyang mga aklat na nailathala ng De La Salle Publishing House ay: *Pakikipagkapwa: Pilipinong Lapit sa Pananaliksik* (2012), *From Exceptionality to Exceptional: Inclusion of Differently Abled Persons in the Workplace* (2014), at *Seasons in Parenting: Studies on Parents' Life Stories and Parenting Achievements* (2015). Nagpanayam na siya sa iba't ibang tangan niyang mga Professorial Chairs: John Gokongwei Sr. Professorial Chair in Asian Studies (2005–2006), Charles Lui Chi Keung Professorial Chair in China Studies (2006–2007), Fausto Gonzales Y Sioco Professorial Chair in Local Government (2009–2010), Exaltacion C. Ramos Professorial Chair in Tests and Measurements (2014–2015), at PAGCOR Professorial Chair in Human Development (2015–2016). Naging mga pag-aaral niya ang tungkol sa kalusugan partikular ang counseling sa HIV-AIDS at health literacy. Ambag niya sa literatura ng Sikolohiyang Pilipino ang mga lathalain tungkol sa mga katutubong konsepto at metodo ng pananaliksik.

Si **Gilbert E. Macarandang** ay Propesor sa Departamento ng Agham Panlipunan sa Unibersidad ng Pilipinas-Los Baños. Nagtapos ng Doktorado sa Pilosopiya sa Araling Pilipinas sa Pamantasang De La Salle-Manila. Nakapaglathala siya ng mga aklat tungkol sa kasaysayang lokal ng lalawigan ng Quezon. Ang ilan sa kaniyang artikulo ay nailathala na rin sa mga akademikong journal.

Si **Ian Mark P. Nibalvos** ay guro sa Filipino sa San Beda University-Manila, Senior High School. Siya ay nagtapos ng kursong Master ng Sining sa Filipino sa Paaralang Gradwado ng Malalayang Sining at Komunikasyon, Pamantasang De La Salle-Dasmariñas. Ilan sa kaniyang mga pananaliksik ay naibahagi na rin niya sa mga pandaigdigang kumperensiya: ang "An mga siday han mga Samarnon ug Leytenhon: Katuturan, Kasaysayan, Pag-unlad, Mga Isyu, at Kalagayan Nito sa Kasalukuyan" sa Salindunong International Conference noong Abril 2–4, 2018 sa Lungsod Cagayan de Oro, Misamis Oriental at ang "Pagpapahalagang Pilipino sa mga Piling Siday ng San Julian Silangang Samar" sa Ikalawang Internasyonal na Kumperensiya sa mga Araling Filipino at Asyano noong Mayo 3–5, 2018 sa Lungsod Baybay, Leyte.

Si **Karen Y. Ramos** ay kasalukuyang nag-aaral ng MA sa Araling Filipino-Wika, Kultura at Midya sa Pamantasang De La Salle-Manila. Natapos niya ang AB Filipino sa Mindanao State University- IIT, cum laude. Nag-aral ng Certificate of Teaching sa Central Mindanao University kung saan siya kasalukuyang nagtatrabaho. Naging fellow ng 21st Iligan National Writers Workshop.

Si **E. San Juan Jr.** ay kilaláng kritiko at intelektuwal publiko sa mundo, ‚ay emeritus professor of English, Comparative Literature, & Ethnic Studies sa University of Connecticut, Washington State University, atbp. Kasalukuyang chairholder sa Polytechnic University of the Philippines, naging fellow ng W.E.B. Du Bois Institute, Harvard University; Fulbright Prof of American Studies, Leuven University, Belgium, at Visiting Professor of English, University of the Philippines. Ilan sa mga bagong libro niya ay *Filipinas Everywhere* (De La Salle University Publishing House), *Between Empire and Insurgency* (U.P. Press), at *Carlos Bulosan: Revolutionary Filipino Writer in the United States* (Peter Lang). Nakahandang ilunsad sa 2019 ang *Kontra-Modernidad* (U.P. Press) at *Bakas Alingawngaw: Mga Bagong Tula* (Ateneo U Press). Hihiranging Visiting Professor of English & Cultural Studies sa University of Santos Tomas si San Juan sa taóng 2019.

Si **Voltaire M. Villanueva** ay nagtapos ng kaniyang PhD sa Araling Filipino sa Wika, Kultura, at Midya bílang iskolar sa Pamantasang De La Salle-Maynila. Nagtapos ng BSE Social Science na may espesyalisasyon sa Filipino sa Pamantasang Normal ng Pilipinas, cum laude, noong 2005. Demo-teacher sa mga internasyonal, nasyonal, at pampaaralang kumperensiya sa Filipino at Araling Panlipunan. Tagapagsanay sa buong bansa ng DepEd at CHED. Napili sa isa sa pinakamahuhusay na papel sa ika-6 na Arts Congress sa DLSU-Maynila ukol sa KARATULASTASAN bílang inobasyon sa pagtuturo. May-akda, editor, at koordineytor ng mga batayan at sanayang aklat sa Filipino, Araling Panlipunan, at Edukasyon sa Pagpapakatao. Sa kasalukuyan, nagtuturo siya sa antas kolehiyo at gradwado sa Philippine Normal University-Manila.

# Panawagan para sa Kontribusyon sa Malay

## Tunguhin

Ang *Malay*, isang multi/interdisiplinaring journal sa Araling Filipino ng Pamantasang De La Salle na internationally refereed at abstracted, ay naglalayong maglathala ng mga lathalain tungkol sa mga usapin at dalumat kaugnay ng wika, kultura, at mass media na nagsusulong ng intelektuwalisasyon ng wikang Filipino. Tumatanggap din ng mga sulatin sa Ingles at iba pang mga wika na isasalin sa wikang Filipino. Tanging ang salin sa Filipino ang ilalathala.

## Detalye ng Paglilimbag

Inililimbag ang Malay makalawa isang taon sa ilalim ng pamamahala ng De La Salle University Publishing House ng Pamantasang De La Salle. Bilang multi/interdisiplinaring journal, nagtatampok ito ng mga papel, riserts, at artikulong naglalahad ng mga kaisipan at kaalaman mula sa Araling Filipino na may tuon sa wika, kultura, at mass media. Ang mga ideya, opinyon, at paninindigan ng mga may-akda ay kanilang pananagutan at hindi sumasalamin sa mga pagkukuro at patakaran ng mga patnugot, ng kaguruan, o ng pangasiwaan ng Pamantasang ito.

## Proseso ng Pagrerebyu

Ang mga lathalain ay nirerebyu ng mga miyembro ng Internasyonal na Lupon ng mga Patnugot at ng iba pang mga kilalang iskolar sa kani-kanilang disiplina. Ang bawat artikulo ay nirerebyu ng dalawang iskolar. Sa pagkakataong may magkasalungat na pagpapasiya ang naturang dalawang rebyuwer, ito ay ibinibigay sa isa pang rebyuwer. Ang buong prosesong ito ay isinasagawa nang hindi nalalaman ng may-akda kung sino ang rebyuwer ng kaniyang artikulo, at gayundin, hindi ipinakikilala sa rebyuwer kung sino ang may-akda ng kaniyang nirerebyung artikulo.

Mula rito, muling nirerebyu ng Punong Patnugot ang mga nakapasáng lathalain mula sa mga naunang nagrebyu nito. Ang mga lathalaing nangangailangan ng medyor na rebisyon ay ibinabalik sa mga may-akda para sa mga kahingian ng mga rebyuwer. Ang mga may-akda ng mga papel na hindi matatanggap ay padadalhan ng liham na maglalaman ng mga puna at komento ng mga nagrebyu. May karapatan ang mga Patnugot na maging pag-aari ang kopya ng lahat ng papel na ipinása.

**Detalye ng Pagsusumite**

Ang mga papel (riserts, artikulo, rebyu) ay kailangang nakasulat sa Filipino. Sakaling nasa ibang wika, isasalin ito sa Filipino at tanging ang salin ang ilalathala. Kailangang hindi pa nailalathala o naisumite para sa konsiderasyon sa ibang publikasyon o journal ang mga papel na ipapása para rito. Isang 200-250 salitang abstrak at limang susing salita, kapuwa nasa wikang Filipino at Ingles, ang hinihiling na kalakip sa papel na may 5,000 hanggang 7,000 salita (20-40 pahina). Ang titulo ng lathalain ay dapat na mayroon ding salin sa wikang Ingles.

Ang papel ay kailangang kompyuterisado sa maikling bond paper na may isang pulgadang palugit sa lahat ng gilid, doble-espasyo, gamit ang font na Times New Roman at may laking 12-puntos, at maayos na naidokumento gamit ang *MLA Seventh Edition*.

Kailangang minimal ang mga dulong tala. Kung sakaling may larawan o ilustrasyong bahagi ng submisyon, ang file ay kailangang nasa format na jpeg. Hinihiling ang malinaw na kopya. Kailangan ding may kapsiyon at karampatang pagkilala sa pinaghiraman o may-ari/maylikha ng larawan/ilustrasyon.

Ang pangalan ng awtor, tirahan, e-mail, at iba pang mahahalagang kontak ay kailangang nakasulat sa hiwalay na papel. Anumang pagkakakilanlan sa identidad ng awtor ay kailangang wala sa manuskrito. Sumulat din ng isa hanggang dalawang talatang bionote para sa pagkakakilanlan ng may-akda.

Tinatanggap ang mga submisyon sa pamamagitan ng e-mail sa **malayjournal@gmail.com**. Ang dedlayn ng pagpapadala para sa susunod na isyu ng Malay ay sa *ika-30 ng Agosto*.

Ipadala ang manuskrito at lahat ng kailangan kay *Dr. Florentino Timbreza*, Punong Patnugot; *Dr. Rowell Madula*, Kawaksing Patnugot; o kay *Dr. Dolores Taylan*, Tagapamahalang Patnugot, sa De La Salle University Publishing House, Yuchengco Hall, Room 601, Pamantasang De La Salle, Manila, 2401 Taft Avenue, Manila. Para sa iba pang impormasyon, maaaring tumawag sa (632) 524-4611 loc 271 at hanapin si *Ms. Joanne Castañares*.